



Republic of the Philippines  
**Department of Environment and Natural Resources**  
MIMAROPA Region  
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE  
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City, Palawan  
Telfax No. (048) 434 - 8791  
Email Add: [penropalawan@denr.gov.ph](mailto:penropalawan@denr.gov.ph)

RECEIVED  
10 AUG 2022

<input checked="" type="checkbox"/> INCOMING	<input type="checkbox"/> OUTGOING
DTS NO.	

RECD  
August 02, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR :** The Regional Executive Director  
DENR-MIMAROPA Region  
1515 L and S Bldg., Roxas Boulevard  
Ermita, Manila

**FROM :** The Provincial Environment and Natural Resources Officer

**SUBJECT :** ADMINISTRATIVE HEARING REPORT ON THE APPREHENDED ONE (1) UNIT 070 STIHL CHAINSAW WITH DEFACED SERIAL NUMBER AT SITIO BUKAGAN, BARANGAY MALIHUD, BATARAZA, PALAWAN

Respectfully forwarded is the memorandum of CENRO Brooke's Point, Palawan dated June 29, 2022 relative to the above subject.

Per memorandum, the apprehension was made by the field personnel of CENRO Brooke's Point, Palawan assigned at Patrol Base III, Rio Tuba Monitoring Station on December 10, 2021 at around 3:30 P.M. The team conducted operation in response to the report from a concerned citizen pertaining to the alleged illegal cutting/sawing of forest trees at Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan.

The team apprehended the one (1) unit chainsaw (070 STIHL with defaced serial number) with fair market value of Php30,000.00 and the same was used in the actual sawing of a Bani tree species which was already sliced into two (2) parts when the team arrived on-site without permit from PCSD and DENR. However, due to bulkiness of the logs and the difficulty of nearest access road, the sawn logs were left in the area and corresponding inventory, scaling and photo documentation were undertaken.

The apprehended chainsaw was recovered in the possession and control of Mr. Toto Narrazid (operator/owner) and Mr. Albert Leoncion (helper), both residents of Barangay Marangas, Bataraza, Palawan. Further, it was disclosed that the involvement of Mr. Akmad Demih was duly supported by statements during the second hearing as the land owner and who ordered the cutting of Bani tree. The said chainsaw is now deposited at CENRO Brooke's Point for safekeeping under the custody of Forest Technician II Abraham B. Vicente.

The hearing was conducted on January 04, 2022 and January 24, 2022. The notices of hearings were sent to the concerned parties in relation to Section 8, Item No. 3 of DAO 1997-32.

We concur with CENRO recommendation to file criminal case against the above-mentioned offenders in violation of Section 77 of PD 705, as amended and also the matter will be referred to PCSD relative to the violation of RA 9175 for their further investigation/adjudication and filing of appropriate case against the perpetrators.

For information and record.

For the PENRO:

JOHNNY P. LILANG  
OIC Chief, Technical Services Division  
Office In-Charge

Copy Furnished  
CENRO Brooke's Point, Palawan  
File/2022-006ACG MES Doc. Ref. No. 2022-6877

DENR-PALAWAN  
PENRO-RECORDS  
RELEASED  
By \_\_\_\_\_ Date: 03 AUG 2022 CN 03-1925



Republic of the Philippines  
Department of Environment and Natural Resources  
MIMAROPA Region  
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**  
Brooke's Point, Palawan

June 29, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR :** The Regional Executive Director  
DENR MIMAROPA Region  
1515 L&S Building  
Roxas Blvd., Ermita, Manila

**THRU :** The Provincial Environment and  
Natural Resources Officer  
Sta. Monica, Puerto Princesa City

**FROM :** The Community Environment and  
Natural Resources Officer/Hearing Officer

**SUBJECT :** **ADMINISTRATIVE HEARING REPORT ON THE APPREHENDED  
ONE (1) UNIT 070 STIHL CHAINSAW WITH DEFACED SERIAL  
NUMBER AT SITIO BUKAGAN, BARANGAY MALIHUD,  
BATARAZA, PALAWAN**

DENR PENRO  
PALAWAN RECORDS  
**RECEIVED**  
BY: \_\_\_\_\_  
DATE: 07-28-2022 22-6877

Submitted herewith is the minutes of the Administrative Confiscation Proceedings together with the pertinent documents anent the above-cited subject treated under DAO 97-32. The hearings were conducted on January 4, 2022 and January 24, 2022 at CENRO Brooke's Point, Palawan.

**I. FACTS OF THE CASE**

The apprehension was made by field personnel of CENRO Brooke's Point assigned at Patrol Base III Rio Tuba Monitoring Station on December 10, 2021 at Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan during the conduct of an operation in response to the report from a concerned citizen regarding the alleged illegal cutting/sawing of forest trees in the area.

The one (1) unit chainsaw – 070 STIHL Chainsaw with defaced Serial Number had been intercepted/apprehended while being used in the actual sawing of a Bani tree species which was already cut/sliced into two (2) parts when the team arrived on-site. During on-site investigation, it was discovered that the cutting/sawing of the Bani tree species and the chainsaw used in the activity were not covered with appropriate documents/permit from the DENR and PCSD. The apprehended one (1) unit chainsaw without metal seal was recovered in the possession and control of Mr. Toto Narazzid (operator/owner) and Mr. Albert Leoncion (helper), both residents of Barangay Marangas, Bataraza, Palawan. On the other hand, due to the bulkiness of the logs and the difficulty of nearest access road, the sawn Bani logs were left in the area but corresponding inventory, scaling and photo documentations were secured. The apprehended chainsaw is now deposited at DENR CENRO Brooke's Point compound under the custody of Forest Technician II Abraham B. Vicente for safekeeping purposes.

## **II. STATEMENTS OF PARTIES INVOLVED DURING THE HEARING PROCESS**

During the hearing on January 4, 2022, Forest Technician II Abraham B. Vicente narrated that on December 10, 2021 in response to a report that their team had received thru phone call from a concern citizen regarding the alleged illegal cutting/sawing of forest trees within Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan, a team composed of FT II Vicente, Forest Ranger Mark Anthony Gabuco, Forest Ranger Mark Ronald Velasco and Forest Protection Officer Fermin Amar had immediately conducted an operation in the subject area. The area is accessible by motorcycle however there's a certain point wherein the team had to stop as the area can only be infiltrated via foot. Not far away from where the team had stopped, a sound which they believe were from a chainsaw was heard. The team then headed towards the area where the sounds were coming from to conduct verification/investigation which then resulted to the discovery/catching of two (2) individuals in the act of further sawing/slicing of a Bani tree species which was already cut/sliced into two (2) parts. Accordingly, the team immediately stops the two (2) individuals and introduced themselves as personnel of DENR.

During on-site verification/investigation, no pertinent documents supporting the sawing/cutting activity where presented by the perpetrators identified as Mr. Toto Narrazid (chainsaw operator) and Mr. Albert Leoncion (helper). Likewise, per inspection conducted by FR Gabuco, the chainsaw utilized does not contain a metal seal from the PCSD which prompted the team to apprehend the chainsaw and brought the identified perpetrators to the Barangay for blotter purposes. The apprehended chainsaw is now deposited at DENR CENRO Brooke's Point compound under the custody of FT II Vicente for safekeeping purposes.

In the same hearing, Forest Ranger Mark Anthony Gabuco also narrated his participation as well as the events that transpired during the apprehension which corroborated with the statement of FT II Vicente. FR Gabuco mentioned that per inspection, the serial number of the chainsaw was already faded/erased and that aside from the subject chainsaw having no metal seal from PCSD, there were also no Certificate of Registration nor any other pertinent/necessary documents relative to it that were presented by the identified perpetrators.

Also in the same hearing, Mr. Toto Narrazid admitted that on December 10, 2021, more or less 3:30 in the afternoon, he together with Mr. Albert Leoncion were in Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan sawing logs/wood tree of species type unknown to them per instruction of Mr. Akmad Demih, owner of the land/lot. The logs/wood tree was intended for the construction of Mr. Demih's house. Mr. Narrazid explained that there were no pertinent documents pertaining to the cutting/sawing of the tree that were shown to him but Mr. Demih had told him that he had already seek/ask permission from the chieftain in the area.

On the other hand, Mr. Narrazid stated that the chainsaw used is owned by his brother-in-law - Mr. Edralin Dalendeg, also a resident of Barangay Marangas, Bataraza, Palawan but there are no registration/documents to prove that Mr. Dalendeg is the chainsaw owner. In response as to why the chainsaw has no serial number, Mr. Narrazid disclosed that the chainsaw appears to be just assembled by Mr. Dalendeg since the chainsaw is secondhand. Mr. Narrazid detailed that they borrowed the chainsaw to cut down coconut trees but the chainsaw broke thus they had it repaired by Mr. Demih. After the repair, Mr. Demih told them to test/try the chainsaw by sawing/cutting the subject tree; however Mr. Narrazid did not inform Mr. Dalendeg about this. Consequently, Mr. Narrazid mentioned that Mr. Dalendeg is blaming him about what happened.

Mr. Narrazid also clarified that Mr. Albert Leoncion is the chainsaw operator while he is the helper. Mr. Narrazid likewise mentioned that he and Mr. Leoncion agreed for a "per board feet basis payment" for the work however they were not paid anymore. Mr. Narrazid further disclosed that when they were caught in the area, they were still starting thus there were no sawn lumbers that were hauled yet. In addition, Mr. Narrazid mentioned that he had assumed that just like in the case of coconut trees they only needed to secure a certification for the cutting of trees, also Mr. Demih had told them that he had already asked permission from the chieftain. Nonetheless, Mr. Narrazid also admitted that he is aware that permits are needed but he had

trusted Mr. Demih for the reason that the tree to be sown/cut was close to his property. Mr. Narrazid explained further that they view/consider the work as consolation/consideration for Mr. Demih because the latter had mentioned that the tree was an obstruction in the area and with the impending typhoon, there's a high possibility that the said tree located near the edge will be uprooted bringing with it a lot of the surrounding soil; thus, Mr. Demih resorted to have the tree cut down and utilize it for his door frame "*panghamba*". Mr. Narrazid added that they had notified Mr. Demih about the apprehension but since he and Mr. Leoncion was brought to the Barangay, the latter had learned about the situation on the following day.

Also in the hearing, Mr. Albert Leoncion confirmed that he is the operator of the chainsaw that was apprehended on December 10, 2021. He also identified Mr. Edralin Dalendeg as the owner of the chainsaw and that said chainsaw is most likely unregistered as it was only assembled. Mr. Leoncion also stated that it was the land owner, Mr. Akmad Demih himself who had approached and requested for him and Mr. Toto Narrazid to cut down/saw the subject tree and that they did not ask anymore if Mr. Demih had secured the necessary permits/documents because the latter informed them that he had asked permission from the chieftain in the area. Mr. Leoncion likewise admitted that he knows that permits are needed for cutting of trees however he is not aware that the violation of which will have corresponding punishments/penalties. Mr. Leoncion also claimed that he does not work as a chainsaw operator on a regular basis and that they usually cut down coconut trees.

Another hearing was scheduled on January 24, 2022 inviting Mr. Edralin Dalendeg (alleged owner of chainsaw) and Mr. Akmad Demih (alleged land owner and who ordered to cut the tree) to appear before this Office for an opportunity to be heard and present evidences regarding the matter.

During the hearing, Mr. Edralin V. Dalendeg strongly denied the allegation against him being the owner of the apprehended chainsaw. He also claimed that he does not know why his name is being involved in the apprehension incident and expressed his hope to be cleared of any alleged involvement/participation in the issue.

Likewise in the same hearing, Mr. Akmad Demih admitted that it was him who had instructed Mr. Toto Narrazid to cut the tree however he claimed that nothing had been agreed/discussed about the payment for the work as what is important is for the tree to be cut down for the reason that the said tree is already leaning on the edge of the ravine and chances are high particularly with the approaching Typhoon Odette that it will be uprooted which may cause the adjacent soil to be eroded because the area is steep. Consequently, the tree falling down will also affect/bring down with it the paper tree seedlings and the pineapples which Mr. Demih had planted in the area/land which he claims to be titled however the Certificate of Land Title is with his wife in Puerto Princesa City.

In addition, Mr. Demih disclosed that he does not know who the owner of the apprehended chainsaw is but it was him who had repaired the chainsaw which he described as old and rusty. After repairing it, Mr. Demih then asked Mr. Narrazid to cut down the subject tree. He also stated that after pointing out which tree to cut down, he went home as it was already late in the afternoon. Thus, he claimed that he is not around when the apprehension took place and that he does not know as well who assisted/helped Mr. Narrazid.

Further, Mr. Demih likewise admitted that he does not have any document/s pertaining to the cutting of the tree however he had asked permission from a certain chieftain "Marin" who allowed him in consideration of the safety of the members of the community who passes through the area/footpath below the location of the tree. Mr. Demih also claimed that he is not really knowledgeable that necessary documents/permits are needed to support the cutting of trees and that the violation thereof will have corresponding punishments/penalties. He reasoned out that he was only protecting his land and planted trees and crops. He also stated that he is not aware if whether or not the cut down tree is still in the area as he hasn't visited his land yet and clarified

that he usually visits the area when he doesn't have work or after harvest time, thus after around every 3-4 months.

*Note: In both Administrative Hearing, the respondents - Mr. Toto Narrazid, Mr. Albert Leoncion, Mr. Edralin V. Dalendeg and Mr. Akmad Demih affirmed to voluntary give their statements without the presence of a lawyer or legal counsel.*

### III. FINDINGS/EVALUATION

The cutting/sawing/slicing of forest products (two pieces logs of Bani species) is not covered by appropriate DENR documents/permits; hence, a patent violation of Section 77 of PD 705 as further amended and although the forest products were left in the area due to unavailability of hauling means considering the bulkiness of the logs and the difficulty of nearest access road, corresponding inventory, scaling and photo documentations were secured to serve as basis/evidence for the filing of appropriate charges against the identified perpetrators. Moreover, the chainsaw used is likewise not covered by appropriate documents/permits issued by the PCSD which is a violation of RA 9175 or Chainsaw Act of 2002.

In view of the facts presented, it was found out that there were sufficient and convincing evidences to support the finding of probable cause to charge **MR. TOTO NARAZID, MR. ALBERT LEONCION AND MR. AKMAD DEMIH** of violation of RA 9175 and Section 77 of PD 705 as further amended by E.O. 277 and R.A. 7161.

In contrast, due to insufficient evidences, probable cause to charge the alleged owner of chainsaw - **MR. EDRALIN V. DALENDEG** cannot be established.

### IV. RECOMMENDATION

In view of the above findings and evaluation of the evidences on hand, it is recommended that appropriate charges be filed against the above – mentioned offenders for violation of Section 77 of PD 705 as further amended by E.O. 277 and R.A. 7161.

In addition, it is also recommended that the matter be referred to PCSD relative to the violation of RA 9175 for their further investigation/adjudication and filing of case against the above-mentioned offenders.


In line with this, it is likewise recommended to request for a representative from PCSDS to conduct identification/verification of the apprehended chainsaw for proper turn over process for their further appropriate action.

### V. DOCUMENTARY ATTACHMENTS

1. Transcript of Administrative Hearing
2. Attendance during the Administrative Hearing
3. Notices of Hearing
4. Spot Report
5. Seizure Receipt/Order
6. On-site report and its attachments

For her information and further evaluation/instruction.

  
**CONRADOM. CORPUZ**





## **TRANSCRIPT OF ADMINISTRATIVE HEARING** (Katitikan ng Pagdinig Administratibo)

Katitikan ng ginawang paglilitis sa pagkakahuli/pagkakasamsam ng isang (1) yunit ng chainsaw (with defaced serial number) at dalawang (2) pirasong Bani logs sa Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan noong ika-10 ng Disyembre 2021.

**Mga Dumalo**

1. Abraham B. Vicente
2. Albert Leoncion
3. Toto Narrazid
4. Mark Anthony L. Gabuco
5. April Anne T. Graciano
6. Conrado M. Corpuz

**Katungkuluan/Tanggapan/Tirahan**

- Forest Technician II, DENR – CENRO Brooke's Point  
Barangay Marangas, Bataraza, Palawan  
Barangay Marangas, Bataraza, Palawan  
Forest Ranger, DENR – CENRO Brooke's Point  
Forest Ranger, DENR – CENRO Brooke's Point  
Hearing Officer, OIC CENRO, DENR-CENRO Brooke's Point

**Paunawa:** Bago pormal na pinasimulan ang pagdinig ay isang maikling panalangin muna ang isinagawa kasunod ang pagbanggit / pagtawag sa pangalan ng mga dumalo.

**Hearing Officer:** Magandang hapon sa inyong lahat, pinatawag namin itong administrative hearing ngayon nang dahil dito san a-apprehend o nakumpiskang isang pirasong chainsaw Stihl na walang serial number at ito ay ginamit di umano sa pagputol o pagtistis ng isang Bani na klase ng kahoy na dalawang piraso na may kauukulang volume na 0.83 cubic meter. Ito ay na-apprehend ng team ng DENR noong December 10, 2021 humigit kumulang 3:30 ng hapon sa Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan. At ayon dito sa report ng apprehending team, ito ay di umano'y pag-aari o ang mga taong na-apprehend Toto Narrazid ng Barangay Marangas, Bataraza, Palawan bilang Operator o nagsamay-ari ng chainsaw at isang nagngangalang Albert Leoncion ng Barangay Marangas, Bataraza, Palawan bilang helper ng operator ng chainsaw. Bago natin ipagpatuloy yung ating pagdinig ngayong hapon gusto ko lang ipalam sa inyo Mr. Narrazid at Mr. Leoncion, ayon sa ating bagong saligang batas kayo ay may karapatan na kumuha ng inyong abogado o legal counsel na maaari ninyong dalhin dito para gabayan kayo na sumagot sa aking magiging katanungan mamaya. Kung sabihin ninyong kailangan niyo ng abogado, ipagpapalibtan natin ang pagdinig ngayon at bibigyan ko kayo ng pagkakataon na kumuha at itatakda natin ulit ang susunod na pagdinig. Pero kung sabihin ninyo na hindi niyo na kailangan ng abogado o legal counsel, ipagpapatuloy natin yung pagdinig at sasagutin niyo ng kusa ang aking magiging katanungan. Ang una kong tanungin si Mr. Toto Narrazid, kailangan niyo pa ba ng abogado?

**Toto Narrazid:** Hindi na po sir.

**Hearing Officer:** Si Mr. Albert Leoncion, kailangan niyo pa ba ng abogado?

**Albert Leoncion:** Hindi na rin po sir.

**Hearing Officer:** Okay ipagpapatuloy natin ang pagdinig ngayon hapon. Unahan ko yung apprehending officer si Abraham Vicente, for record purposes pakilahad ang iyong buong pangalan, edad, birthday, trabaho, saan nakatira at iba pang bagay na maaaring pagkakilanlan sa iyong pagkatao.

**Abraham B. Vicente:** Ako po si Forest Technician II Abraham B. Vicente, tatlumput walong taong gulang, may asawa at kawani ng DENR CENRO Brooke's Point.

**Hearing Officer:** Maaari mo bang isalaysay yung buong pangayari noong December 10, 2021 kung saan naka-apprehend kayo ng Chainsaw sa Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan.

**Abraham B. Vicente:** Noong December 10, 2021 humigit kumulang mga alas y medya (2:30 PM) ng hapon, kami po ay nakatanggap ng isang tawag mula sa isang concern citizen na di umano ay mayroon tinitistis na kahoy gubat sa bahagi ng Sitio Bukagan, Barangay Malihud at bilang aksyon ng aming team ay agad na nagtungo sa nasabing lugar, noong dumating kami sa Barangay Malihud ay aming tinungo ang nasabing lugar at pinasok namin yung isang daanan kung saan medyo makitid na makapasok lang yung motor at noong dumating sa dulo huminto kami dahil hindi na mapasok yung motor noong huminto kami sa di kalayuan ay

may narinig kaming ugong na pinaniniwalaan naming chainsaw kaya nagdesisyon ang aming team na puntahan yung lugar na pinanggalingan ng tunog upang siyasatin, noong dumating kami sa lugar ay aming nakita yung kahoy na pinutol na isang puno at kasalukuyang tinitistis ng pinagtutulungan ng dalawang tao, aming pinahinto ang kabnilang ginagawa at nagpakilala na kawani ng DENR. Tinanong po namin kung may papel yung chainsaw na kanilang ginagamit at wala silang mapakitang dokumento. Pinasiyasat ko rin kay Forest Ranger Mark Anthony Gabuco kung mayroong singsing ng PCSD yung kanilang chainsaw at wala. At tinanong namin yung kanilang pagkakilanlan nalaman namin na ang nagtitistis ay ito si Toto Narazzid at ang kanyang helper ay si Albert Leoncion. Dahil wala silang maipakitana dokumento sa pagputol ng kahoy at sa chainsaw kami ay nagdesisyon na i-apprehend yung chainsaw at dinala namin sila sa Barangay Hall para i-blotter yung pangyayari.

**Hearing Officer:** Sila ba ay naaktuhan niyo na nagpuputol?

**Abraham B. Vicente:** Putol na po yung kahoy at bagong tistis yung puno at kasalukuyan nilang tinitistis yung puno.

**Hearing Officer:** Anong klaseng puno ito?

**Abraham B. Vicente:** Bani po sir.

**Hearing Officer:** Ilang piraso?

**Abraham B. Vicente:** Isang puno siya pero naputol o nahati na ng dalawa.

**Hearing Officer:** Tinanong niyo rin ba kung mayroon silang permit sa pagtistis ng kahoy?

**Abraham B. Vicente:** Tinanong namin at wala rin silang maipakita.

**Hearing Officer:** Nasaan itong mga kahoy na sinasabi niyong tinistis nila?

**Abraham B. Vicente:** Sa ngayon ang kahoy dahil sa logs po ito at malaki hindi namin kayang hakutin, yung kahoy ay naiwan sa area ngunit ang chainsaw ay kasalukuyang dinala namin dito sa opisina upang ma-custody.

**Hearing Officer:** Kanino naka-custody yung chainsaw?

**Abraham B. Vicente:** Naka-custody po sa akin yung chainsaw at nandito po sa opisina sa ngayon?

**Hearing Officer:** Bukod kay Forest Ranger Mark Gabuco sino pa ba yung mga kasama mo?

**Abraham B. Vicente:** Yung team po namin ay binubuo ko, Forest Ranger Mark Gabuco, Forest Ranger Mark Ronald Velasco, at yung Forest Protection Officer Fermin Amar.

**Hearing Officer:** Wala na akong maitatanong kung mayroon ka pa rin gustong sabihin o idagdag sa iyong mga sinalaysay na sayo ang pagkakataon.

**Abraham B. Vicente:** Wala na po.

**Hearing Officer:** Forest Ranger Mark Gabuco, for record purposes pakilahad ang iyong buong pangalan, edad, birthday, kailan ipinanganak, trabaho, saan nakatira at iba pang bagay na maaaring pagkakilanlan sa iyong pagkatao.

**Mark Anthony L. Gabuco:** Ako po si Forest Ranger Mark Anthony Gabuco, kasalukuyang kawani ng DENR CENRO Brooke's Point, may asawa, 32 years old nakatira sa Aborlan, Palawan.

**Hearing Officer:** Ano ang naging partisipasyon mo dito sa pagkakahuli ng chainsaw?

**Mark Anthony L. Gabuco:** Ang naging partisipasyon ko po sa operation sir, ako po ang nagsiyasat ng chainsaw, nag scale ng kahoy at nagtanong sa kanila kung may mga dokumento po silang legal sa kanilang pagpuputol ng kahoy.

**Hearing Officer:** Noong siniyasat mo yung chainsaw ano ang nakita mo doon?

**Mark Anthony L. Gabuco:** Nakita ko po sa chainsaw nila sir yung serial number ng kanilang chainsaw ay burado na po at walang singsing o tag na galing sa PCSD.

**Hearing Officer:** Wala silang registration na ipinakita sayo?

**Mark Anthony L. Gabuco:** Opo wala rin po silang registration o anumang dokumentong binigay o pinakita.

**Hearing Officer:** Nagkaroon ka ba ng pagkakataon na tanunin sila yung dalawang na-apprehend kung bakit sila nagputol o nagtistis ng kahoy?

**Mark Anthony L. Gabuco:** Tinanong ko po sir kung may mga dokumento sila para doon sa pagpuputol ng kahoy at sinabi naman po nilang wala at gagamitin daw po sana nila sa paggawa ng bayan.

**Hearing Officer:** Bukod doon sa dalawa na nandoon sa area, mayroon pa bang ibang tao na nandoon?

**Mark Anthony L. Gabuco:** May mga tao sir na dumadaan lang po pero sila po talaga yung nandoon.

**Hearing Officer:** Ibig sabihin sila yung nahuli niyo sa akto na nagtitistis ng kahoy?

**Mark Anthony L. Gabuco:** Opo sir sila po.

**Hearing Officer:** Wala na akong maitatanong kung mayroon ka pang rin gustong sabihin o idagdag sa una mong sinalaysay na sayo ang pagkakataon.

**Mark Anthony L. Gabuco:** Wala na po sir.

**Hearing Officer:** Ang unahin ko ay si Mr. Toto Narazzid, for record purposes pakilahad ang iyong buong pangalan, edad, birthday, trabaho, saan nakatira at iba pang bagay na maaaring pagkakilanlan sa iyong pagkatao.

**Toto Narrazid:** Ako po si Toto Narrazid, may asawa ang edad kop o ay 45 years old at nakatira sa Poblacion, Marangas.

**Hearing Officer:** Birthday po ninyo?

**Toto Narrazid:** September 23, 1976.

**Hearing Officer:** Anong trabaho mo?

**Toto Narrazid:** Isa pong magsasaka.

**Hearing Officer:** Maalala pa ba ninyo kung nasaan kayo noong December 10, 2021 humigit kumulang alas tres y medya ng hapon?

**Toto Narrazid:** Opo.

**Hearing Officer:** Nasaan po kayo noong araw na ito?

**Toto Narrazid:** Nandoon po kami sa lugar po yun, kami po ay nandoon at naglalagare po.

**Hearing Officer:** Ano pong ginagawa ninyo?

**Toto Narrazid:** Naglalagare po.

**Hearing Officer:** Naglalagare ng ano po?

**Toto Narrazid:** Ng kahoy po.

**Hearing Officer:** Anong klase ng puno ng kahoy ang nilagare niyo?

**Toto Narrazid:** Hindi ko rin po masyadong alam yung pangalan.

**Hearing Officer:** Yung kahoy na inyong pinutol, ito ba ay doon sa bundok?

**Toto Narrazid:** Kami po ay napag-utusan lang po ng may-ari ng lupa.

**Hearing Officer:** Sino po ang may-ari ng lupa na binabanggit niyo?

**Toto Narrazid:** Si Akmad Demmi.

**Hearing Officer:** Ano po yung kasunduan niyo ni Akmad?

**Toto Narrazid:** Kami po ay nandoon upang lagariin at gawin niya po pang bahay.

**Hearing Officer:** Tinanong po ba ninyo kung mayroon siyang permit na hawak para doon sa pag-uutos na putulin yung nabanggit na kahoy?

**Toto Narrazid:** Ang nasabi niya lang po ay nagpaalam po siya sa chieftain sa lugar po doon.

**Hearing Officer:** Mayroon bang pinakita sa inyong dokumento?

**Toto Narrazid:** Wala rin po.

**Hearing Officer:** Yung chainsaw na ginamit po ninyo kanino po ito?

**Toto Narrazid:** Nasa posisyon ko lang po yan actually po sa bayaw ko kay kuya Edralin Dalendeg.

**Hearing Officer:** Taga saan po ito si Edralin Dalendeg?

**Toto Narrazid:** Diyan din po Poblacion, Marangas.

**Hearing Officer:** Ano pong kasunduan niyo ng bayaw mo sa paggamit niyo ng chainsaw?

**Toto Narrazid:** Hiniram lang namin yun, kinukumpuni po namin yun doon, yung nagkumpuni po yung may-ari po mismo ng kahoy marunong po kasi siya magkumpuni ng chainsaw.

**Hearing Officer:** Bakit po walang serial number?

**Toto Narrazid:** Sa pagkakaalam ko po kay bayaw parang ina-assemble niya lang po pagkabili niya second hand lang po yun.

**Hearing Officer:** Ito ba ay hiniram niyo lang?

**Toto Narrazid:** Opo.

**Hearing Officer:** Alam ban g may-ari ng chainsaw na gagamitin niyo pangputol ng kahoy yung araw na yun?

**Toto Narrazid:** Ang alam niya po ay nagpuputol kami ng niyog, naipaalam namin sa kanya na ipuputol ng niyog yun, tapos noong nasira pinakumpuni namin po doon at pinasubok po sa amin yung puno sabi niya tistisin niyo nalang.

**Hearing Officer:** Sino po ang nag-utos, yung may-ari ng chainsaw na tistisin o may ari ng lupa?

**Toto Narrazid:** Yung may-ari po ng lupa.

**Hearing Officer:** Alam ba ng may-ari ng chainsaw na gagamitin mo doon sa kahoy na yun?

**Toto Narrazid:** Hindi po.

**Hearing Officer:** Hindi mo pinaalam sa kanya?

**Toto Narrazid:** Hindi po.

**Hearing Officer:** Mayroon ba itong registration o dokumento na nagpapatunay na pag-aari niya ito?

**Toto Narrazid:** Wala rin po.

**Hearing Officer:** Sino po yung kasama ninyo sa pagputol ng kahoy?

**Toto Narrazid:** Ito po si Albert Leoncion.

**Hearing Officer:** Ano po ang papel ni Albert doon sa pagtitistis ninyo?

**Toto Narrazid:** Siya po yung nagtitistis.

**Hearing Officer:** Bale po kayo anong ginagawa niyo?

**Toto Narrazid:** Tumutulong lang.

**Hearing Officer:** Kayo ang helper niya?

**Toto Narrazid:** Opo.

**Hearing Officer:** Anong kasunduan ninyo ni Albert doon sa pagtitistis, magkano ang bayad?

**Toto Narrazid:** Per board feet din po.

**Hearing Officer:** Nabayaran ba kayo doon sa pagtitistis ng kahoy?

**Toto Narrazid:** Wala po.

**Hearing Officer:** Sinbasabi mo sa akin na yung chainsaw ay walang permit o dokumentong hawak at wala ring permit yung pagtitistis niyo ng kahoy ganun ba yun?

**Toto Narrazid:** Opo.

**Hearing Officer:** Noong inabutan kayo ng team doon sa area, anong actual na ginagawa niyo?

**Toto Narrazid:** Naglalagare na po, tumutulong ako sa kanya.

**Hearing Officer:** Mayroon na ba kayong nahakot na mga kahoy doon sa mga tinistis niyo?

**Toto Narrazid:** Wala pa po, nag uumpisa pa lang po kami.

**Hearing Officer:** Anong sabi ng may-ari ng chainsaw noong nahuli o nakumpiska yung chainsaw niya?

**Toto Narrazid:** Sinisi niya ako kasi bakit daw kami nagtumba ng kahoy.

**Hearing Officer:** Alam po ba ninyo na kailangan ng permit sa pagtitistis ng kahoy?

**Toto Narrazid:** Sa pagkakaalam kop o kumukuha lang kami ng certification pag sa puno ng niyog yung doon po sa kahoy parang ganun na rin po, at sinabi na rin ng may-ari ng lupa na nagpaalam na din kay chieftain.

**Hearing Officer:** Pero alam mo na kailangan ng permit?

**Toto Narrazid:** Opo.

**Hearing Officer:** Bakit hindi niyo ginawa na magsecure muna ng permit?

**Toto Narrazid:** Nagtiwala na rin po kami sa may-ari ng lupa kasi malapit lang din po sa kanila.

**Hearing Officer:** Alam po ba ninyo na pag ganitong namutol ng kahoy at nahuli na walang permit ay may kaakibat na kaparusahan?

**Toto Narrazid:** Ang sa amin parang pakunswelo nalang rin yun sa may-ari ng lupa, kasi sabi niya nakaharang yun at may papasok na bagyo, nasa gilid lang ng pampang pag natumba yun ng kusa baka daw po maraming lupa ang sasama kaya sabi niya putulin nalang natin at yung kahoy gagamitin nalang panghamba.

**Hearing Officer:** Anong sabi sa inyo ng may-ari ng kahoy noong nakumpiska?

**Toto Narrazid:** Nagsabi lang kami sa kanya, nalaman na rin po niya yun noong dinala kami sa Barangay, nalaman niya na rin kinabukasan.

**Hearing Officer:** Yun po bang kahoy na ito ay nandoon pa sa area, hindi pa hinakot o hindi pa hiniwa?

**Toto Narrazid:** Hindi pa po.

**Hearing Officer:** Wala na akong maitatanong kung mayroon ka pang rin gustong sabihin o idagdag sa una mong sinalaysay na sayo ang pagkakataon.

**Toto Narrazid:** Wala na rin po.

**Hearing Officer:** Kay Mr. Albert, for record purposes pakilahad ang iyong buong pangalan, edad, birthday, trabaho, saan nakatira at iba pang bagay na maaaring pagkakilanlan sa iyong pagkatao.

**Albert Leoncion:** Ako po si Albert Leoncion, nakatira po sa Barangay Marangas, Bataraza, Palawan. 45 taong gulang, ipinanganak noong May 23, 1976.

**Hearing Officer:** Anong trabaho mo?

**Albert Leoncion:** Farmer lang po.

**Hearing Officer:** Kayo po ba yung kasama ni Toto Narazzid doon sa pagtistis o kayo po ba yung operator ng Chainsaw na nahuli noong December 10, 2021?

**Albert Leoncion:** Opo sir.

**Hearing Officer:** Kaninong chainsaw po yun?

**Albert Leoncion:** Yun po kay Edralin Dalendeg po.

**Hearing Officer:** Sino po ang kausap ninyo sa pagtistis ng mga kahoy?

**Albert Leoncion:** Yung may-ari po ng lupa.

**Hearing Officer:** Ibig sabihin kayo ni Mr. Toto ang dalawang nakipag-usap doon sa may-ari ng puno?

**Albert Leoncion:** Yung may-ari po ng lupa yung mismong nakiusap sa amin.

**Hearing Officer:** Siya ang lumapit sa inyo o kayo ang lumapit sa kanya?

**Albert Leoncion:** Siya po ang nagpalagare.

**Hearing Officer:** Tinanong ba ninyo ito kung may permit doon sa kahoy na ipapalagare niya?

**Albert Leoncion:** Wala po sir, basta ang sabi niya nagpaalam po siya sa chieftain doon sa kanila.

**Hearing Officer:** Hindi na kayo humingi ng anomang dokumento na hawak niya doon sa pagpuputol?

**Albert Leoncion:** Wala po sir.

**Hearing Officer:** Yung chainsaw ba may registration ito o wala?

**Albert Leoncion:** Wala po kasi ang pagkakaalam ko doon assemble lang rin po.

**Hearing Officer:** Alam mo rin ba na sa pagputol ng kahoy ay kailangan ng permit?

**Albert Leoncion:** Opo sir.

**Hearing Officer:** Kung alam mo bakit hindi mo ginawa na hanapan ng dokumento yung nagpatistis?

**Albert Leoncion:** Nag-utos lang po sir yung may-ari ng lupa sabi niya tistisin niyo lang yan.

**Hearing Officer:** Kahit alam ninyong bawal at may kaparusahan kung may mahuli kayong nagtitistis ng kahoy, alam niyo na may kaparusahan?

**Albert Leoncion:** Hindi po sir.

**Hearing Officer:** Bilang chainsaw operator, gaano na katagal at ano ang kadalasan na pinuputol niyo na kahoy?

**Albert Leoncion:** Niyog po sir yung pinuputol namin.

**Hearing Officer:** Ilang taon ka na nagchachainsaw?

**Albert Leoncion:** Hindi rin sir katagal kasi nag extra lang po ako doon.

**Hearing Officer:** Hindi ka regular na gumagamit ng chainsaw pag magputol ng kahoy?

**Albert Leoncion:** Hindi po.

**Hearing Officer:** Uulitin ko lang sa binanggit mo walang permit yungpagputol niyo ng kahoy tama bay un?

**Albert Leoncion:** Opo sir.

**Hearing Officer:** Yung chainsaw ito ba ay may registration o permit?

**Albert Leoncion:** Wala po sir.

**Hearing Officer:** Wala na akong maitatanong kung mayroon ka pa ring gustong sabihin na sayo ang pagkakataon?

**Albert Leoncion:** Wala na po sir.

**Hearing Officer:** Salamat sa pagdalo dito ko na tinatapos ang pagdinig sa hapong ito.

The Hearing ended at around 1:47 PM (January 4, 2022)

I hereby certify that the above statements are true and correct to the best of my knowledge and belief.

  
APRIL ANNE T. GRACIANO  
Acting Recorder

Attested by:

  
CONRADOM. CORPUZ  
CENRO  
(Hearing Officer)



## **TRANSCRIPT OF ADMINISTRATIVE HEARING** (Katitikan ng Pagdinig Administratibo)

Katitikan ng ginawang paglilitis sa pagkakahuli/pagkakasamsam ng isang (1) yunit ng chainsaw (with defaced serial number) at dalawang (2) pirasong Bani logs sa Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan noong ika-10 ng Disyembre 2021.

**Mga Dumalo**

1. Edralin V. Dalendeg
2. Akmad Demih
3. April Anne T. Graciano
4. Conrado M. Corpuz

**Katungkuluan/Tanggapan/Tirahan**

- Barangay Marangas, Bataraza, Palawan  
Barangay Malihud, Bataraza, Palawan  
Forest Ranger, DENR – CENRO Brooke's Point  
Hearing Officer, CENRO, DENR-CENRO Brooke's Point

**Paunawa:** Bago pormal na pinasimulan ang pagdinig ay isang maikling panalangin muna ang isinagawa kasunod ang pagbanggit / pagtawag sa pangalan ng mga dumalo.

**Hearing Officer:** Magandang hapon, pinatawag namin itong pagdinig ngayong hapon nang dahil dito sa nakumpiskang isang chainsaw na walang serial number, ito ay ginamit di umano sa pagputol o pagtistis ng isang Bani na klase ng kahoy na dalawang piraso na may kabuuang volume na 0.83 cubic meter. Ito ay na-apprehend ng DENR noong December 10, 2021 humigit kumulang 3:30 ng hapon sa Sitio Bukagan, Barangay Malihud, Bataraza, Palawan. Nagkaroon na po ito ng pagdinig noong January 4, 2022, kung saan nag attend po ang isang nagngangalang Toto Narazzid na siya yung nahuli ng DENR dahil sa pamumutol ng nabanggit na kahoy at kayo Mr. Akmad Demih at Edralin Dalendeg, ay nababanggit ang inyong pangalan noong nakaraan pagdinig. Bago natin ipagpatuloy ang ating pagdinig ngayong hapon, gusto ko lang ipabatid sa inyo na ayon sa ating bagong saligang batas, kayo po ay may karapatan na kumuha ng inyong abogado o legal counsel na maaari ninyong dalhin dito o isama para gabayan kayo na sumagot sa aking magiging katanungan, kung sabihin po ninyo na kailangan niyo ng abogado ipagpapalibtan natin yung pagdinig ngayong hapon at bibigyan ko kayo ng pagkakataon na humanap ng abogado na inyong gusto, pero kung sabihin ninyong hindi niyo kailangan, ipagpapatuloy natin yung pagdinig ngayong hapon. Ang tanong kop o kay Mr. Edralin Dalendeg, kayo po ba ay nangangailangan pa ng abogado ngayong hapon?

